REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 99-123**

**KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MUNTINLUPA ANG PAGSANG-AYON SA PANUKALANG "INFORMATION TECHNOLOGY PARK (IT PARK) NA ISASAGAWA SA ISANG BAHAGI NG FILINVEST CORPORATE CITY SA ALABANG, LUNGSOD NG MUNTINLUPA AT SA PAGTATALAGA NITO BILANG ISANG "SPECIAL ECONOMIC ZONE" SANG-AYON SA BATAS REPUBLIKA BLG. 7916 NA SINUSUGAN NG BATAS REPUBLIKA BLG. 8748.**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

*Ipinanukala ni*: **Kon. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kon. Mario E. Bulay, Jr.**
**Kon. Bal Niefes**
**Kon. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kon. Lucio B. Constantino**
**Kon. Aldrin L. San Pedro**
**Kon. Raul R. Corro**
**Kon. Nicanor L. Echavez, MD**
**Kon. Victor L. Ulanday**
**Kon. Dante S. Almario**
**Kon. Elmer S. Espeleta**
**Kon. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kon. Artemio A. Simundac**
**Kon. Allan Rey A. Camilon**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

**SAPAGKAT,** ang Filinvest Alabang, Inc. at Filinvest Land, Inc. ay nagpapanukala ng isang proyektong pagtatayo ng isang ***"Information Technology Park"*** ('IT Park") na tataguriang Northgate Cyber Zone ***sa isang bahagi ng Filinvest Corporate City*** na may sukat na 16.6 ektarya na nasa Alabang, Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** ang nasabing **IT Park** ay ***binigyan na ng pahintulot ng Philippine Economic Zone*** sa Batas Republika Blg. 7916, kilala sa taguring **"The Special Economic Zone Act of 1995"**, na sinusugan ng Batas Republika Blg. 8748;

**SAPAGKAT,** ang pagtatayo ng isang **IT Park** sa loob ng nasasakupan ng Lungsod ng Muntinlupa ay maglalagay dito sa mapa ng mundo ***bilang isa sa ilan lamang na mga natatayong IT Parks sa Asya*** sa kasalukuyan;

**SAPAGKAT,** ang pagkakaroon ng isang **IT Park** sa loob ng Lungsod ng Muntinlupa ay ***hindi lamang magdudulot ng pagkakataon sa mga mamamayan ng Muntinlupa at mga karatig pook na maragdagan ang kanilang kaalaman ukol sa makabagong teknolohiya*** upang lalong makapaghanda sa pagdating ng bagong milenyo ***kundi maging isang mabisang pang-akit din sa mga lokal at banyagang mamumuhunan*** na maglalagay ng kani-kanilang negosyo, opisina at pagawaan, hindi lamang sa Filinvest Corporate kundi sa mga iba pang mga kanugnog na lugar sa loob ng nasasakupan ng Lungsod ng Muntinlupa;

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

*Pahina 2*
*Kapasiyahang Panlungsod Blg. 99-123*

**SAPAGKAT,** ang mga karagdagang pangangalakal at pagpapatayo ng mga gusali at iba pang mga pagpapaunlad sa loob at labas ng nasabing **IT Park** ay ***magdudulot ng kaunlaran sa kabang-yaman*** ng Lungsod ng Muntinlupa, kabilang na ang magmumula sa mga karagdagang buwis **(taxes)** na makokolekta sa mga lupain at iba pang mga ari-ariang di natitinag **(real property taxes)** at sa kabahagi ng Lungsod ng Muntinlupa na dalawang prosiyento **(2%)** galing sa limang prosiyento **(5%)** buwis na kikitain ng mga magtatayo ng mga negosyo sa loob ng IT Park sang-ayon sa isinasaad sa Seksiyon 24 ng sinusugang Batas Republika Blg. 7916;

**SAPAGKAT,** ang pagpapatayo ng mga bagong negosyo, opisina at pagawaan dulot ng **IT Park** ay magbibigay rin ng mas malawak na pagkakataon sa mga mamamayan ng Lungsod ng Muntinlupa ***na magkaroon ng hanapbuhay at pagkakakitaan*** na makakatulong upang makahango sila sa kahirapan;

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* ay nagpasiya ng mga sumusunod:

1. Na pagtibayin, at sa pamamagitan nito ay pinagtitibay, ang pagsang-ayon ng Lungsod ng Muntinlupa sa panukalang proyektong ***"Information Technology Park (IT Park)"*** na isasagawa sa isang bahagi ng Filinvest Corporate City na may sukat na 16.6 ektarya sa Alabang, Lungsod ng Muntinlupa at sa pagtatalaga nito bilang isang "Special Economic Zone" sang-ayon sa Batas Republika Blg. 7916 na sinusugan ng Batas Republika Blg. 8748.

2. Na bigyan ng pahintulot ang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod na ipabatid sa kaalaman ng **Philippine Economic Zone Authority** ang Kapasiyahang Panlungsod na ito alinsunod sa hininging kapasiyahan ng nasabing kagawaran sa pagpapatupad ng nasabing proyekto.

**PINAGTIBAY,** ng ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong **11 Agosto 1999,** sa ginanap na **ika-50** Regular na Sesyon.

**SANG-AYON:**

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**Mggl. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

**Mggl. JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



***Mggl.* PATRICIO L. BONCAYAO, *JR.***
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, *JR.***
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, *JR.***
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor/ Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor/ Pangulo
Samahan ng mga Punongbarangay

**LIBAN**:

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**Dr. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**NECITO M. GUICO**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**VICENTE Y. CHUA**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**Mggl. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:* 8-17-99

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196